Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/25

Mga sagot sa Pagbigay ng tamang panghalip na panao

Talâ: panghalip - *pronoun*

Panuto: Isulat sa patlang ang angkop na panghalip na panao. Maaaring may dugtong na pang-angkop (mga titik *g* o *ng*) ang ibang panghalip, tulad ng *aming* at *tayong*.

Lani Mendrez ang pangalan ko. (1) ___Ako___ ay nasa ikatlong baitang. Sina Marie at Dina ang mga kaibigan ko. (2) ___Sila___ ang aking mga kamag-aral. Tuwing tanghalian, pumupunta (3) ___kami___ sa kantina para kumain nang sabay-sabay.

Isang araw, habang (4) ___kami___ ay naghahanap ng bakanteng mesa sa kantina, may isang babae at isang lalaki na nag-alok ng kanilang mesa. Sabi (5) ___nila___ na may mga bakanteng upuan pa sa mesa kung saan (6) ___sila___ nakaupo.

Naisipan namin na tanggapin ang kanilang imbitasyon. Nagpakilala (7) ___sila___ sa amin. Nalaman (8) ___namin___ na ang mga pangalan nila ay Carmina at Carlo. Kambal pala (9) ___sila___.

"Ngayon ko lang (10) ___kayo___ nakita. Bago ba (11) ___kayo___ sa paaralang ito?" tanong ko sa (12) ___kanila___. Sinagot (13) ___ako___ ni Carmina, "Oo, bagong lipat ang pamilya (14) ___namin___ mula sa Bulacan. Pareho (15) ___kaming___ nasa klase ni Ginang Romero. Mabuting guro (16) ___siya___."

Nakapagkwentuhan pa (17) ___kami___ nang ilang minuto bago tumunog ang kampanilya. "Halina (18) ___kayo___! Oras na para bumalik (19) ___tayo___ sa mga silid-aralan natin," sabi ni Carlo sa (20) ___aming___ lahat.

"Sana makita namin (21) ___kayo___ pagkatapos ng klase. Pwede ba (22) ___tayong___ maglaro sa palaruan mamaya?" tanong ni Carmina sa (23) ___amin___. "Siyempre naman!" sagot (24) ___naming___ tatlo nang sabay-sabay. Natawa (25) ___kaming___ lahat.